

Daloy ng Pag-asa



Ang aklat na ito ay kay

Ang aklat na ito ay inilimbag ng WWF-Philippines para sa proyekto ng Coral Triangle Support Partnership sa tulong ng USAID.

Reserbado ang lahat ng karapatan, kasama ang mga karapatan sa reproduksiyon, at paggamit sa anumang anyo at paraan maliban kung may nakasulat na pahintulot sa mga may hawak ng karapatang-ari.

Karapatang-ari © 2013 ng CTSP at USAID.

Isinulat ni Isobel D. Resurreccion
Iginuhit ni Frances Alvarez

ACKNOWLEDGEMENTS

This workbook is made possible by the generous support of the American people through the United States Agency for International Development (USAID). The contents are the responsibility of WWF, CI, and TNC, and do not necessarily reflect the views of USAID or the United States Government.

USAID supports the Coral Triangle Support Partnership (CTSP) as part of the United States Government's commitment to promote the sustainable management of the marine and coastal resources in the Coral Triangle. In cooperation with the national governments of the Coral Triangle and the international community, this five-year program provides technical assistance and builds capacity to address critical issues including food security, climate change, and marine biological diversity.

The CTSP is a consortium led by WWF, The Nature Conservancy and Conservation International.





Daloy ng Pag-asa



Sumilip sa bintana ng bahay ni Alona ang sikat ng araw. Bumangon si Alona at nagmadaling tumakbo palabas ng bahay.

Tumigil nang sandali sa bakod si Alona. Huminga ito ng malalim, pagkatapos ay dumungaw at sinabing “salamat at umulan kagabi, hindi na kailangan mag-igib sa malayo at punuin ang balde.”


Pagkatapos ay dali-dali na itong sumakay sa bangka at nagsagwan papalayo ng baybayin.




Nagpasalamat ang mga tao kay Alona at sa tulong ng pamilya at kaibigan niya. Sumakay na ang mga ito sa bangka at nagpaalam. Tila nagpasalamat din ang dagat at nagparamdam ito ng maliliit na alon. Ang mga isda't lumba-lumba naman ay sumabay sa bangka hanggang malapit na sa bahay ni Alona.

Bago matulog, tinawag si Alona ng kanyang tatay at sinabing "Anak, hangang-hanga ako sa'yo."

Yumakap si Alona sa tatay niya at sinabing "'Tay, sa inyo ko po natutunan ang kasabihan na 'Ang pangangalaga sa kalikasan ay pangangalaga sa ating mga sarili'"








Kinabukasan bumalik si Alona kasama ang kanyang pamilya at ilang mga kaibigan.


Si Alona at mga kaibigan ay tumulong sa paglinis ng ilog. Ang kanyang nanay ay tumulong sa paggawa ng basurahan na paglalagyan ng mga bagay na nabubulok at hindi nabubulok. Ang kanyang tatay ay tumulong sa paglagay ng mga dram na pag-iipunan ng tubig mula sa ulan.

Ang mga opisyal sa barangay ay nabahala sa nangyari sa kanila kaya't nagpatawag ng isang pagpu-pulong at gumawa ng hakbang upang maayos ang problema sa tambakan ng basura.






“Magandang umaga sa isda’t lumba-lumba, lalo na sa tubig na nagbibigay buhay at sigla!” sigaw ni Alona sa kalawakan.

Mukhang sumangayon ang dagat at nagparamdam ito ng pagbati sa pamamagitan ng maliliit na alon. Napangiti si Alona sa daplis ng tubig sa kanyang pisngi.



Pagkaraan ng ilang sandali, biglang lumakas ang hangin at alon. Sinubukan ni Alona itimon ang bangka ngunit naanod na ito papalayo.

“Anong lugar ito?” napaisip si Alona. Bigla siyang napatayo nang may nakita siyang batang lalaki na papalapit sa kanya.



Nang tumigil na ang ulan, nakangiti na ang mga ito buhat-buhat ang mga balde na punong-puno ng tubig. Nakangiti rin si Alona sa kanyang nakita.

Nagpaalam ito at nangakong babalik para tumulong sa paglilinis ng ilog.

Nang matapos matingnan ng doktor ang mga bata ay biglang bumuhos ang ulan at nagtakbuhan ang mga tao sa kani-kanilang mga bahay dala ang mga baldeng basyo.

“Iwan niyo ang mga balde para mapuno ng tubig-ulan!” sigaw ni Alona sa mga tao. Naglabasan sa mga bahay ang mga tao at nilapag ang mga balde.



“Ikaw ba ang doktor?” tanong nang hingal na hingal na bata kay Alona.

“Hindi ako doktor. Sino ba ang may sakit?” tanong ni Alona sa bata.

“Madami kami. Para niyo na pong awa, tulungan niyo po kami” pabulong na sinabi ng bata kay Alona. Napaupo ang bata at napaiyak. Binuhat ito ni Alona at hinanap ang bahay.





“May tambakan po ng basura sa taas ng ilog, nakabara rin ang mga basura kaya hindi nakakadaloy ang tubig nang mabuti. May mga kumakatas din mula sa mga lata na nakakalat kaya’t maaaring naging madumi ang tubig” sumbong ni Alona sa doktor.


“Ayun naman pala ang dahilan. Dapat siguraduhin ninyong malinis ang paligid para hindi kayo nagkakasakit” sabi ng doktor.

“Linisin ang ilog ngayon din!” sigaw ni tatay. “Maging maingat sa kagamitan, wag itapon kung saan-saan!” pakiusap ni nanay.



Pagdating niya sa ibaba, naka pila ang mga bata kasama ang kanilang mga magulang. “Dumating na ang doktor!” tuwang-tuwa sinabi ni Alona.

Lumapit si Alona sa doktor at pinakinggan ang sinasabi sa mga magulang, “Iba’t ibang sakit ang dumapo sa mga bata. Ang iba sa kanila ay may diarrhea at typhoid, ang iba naman ay dengue kaya kailangan dalhin ang iba sa bayan para mapagamot sa ospital. Nakukuha ang mga sakit na ito sa madumig tubig at paligid.”



Nagulat si Alona sa kanyang nakitang dami ng tao na nakapila at tila mag-iigib ng tubig mula sa balon. Kapansin-pansin ang mga umaalis sa pila na malungkot.

Hinatid ni Alona ang bata sa kanyang nanay. Sinalubong siya ng mahigpit na yakap na nagpatahan sa paghikbi ng bata. “Ano po ang nangyari, bakit ang daming tao sa labas?” tanong ni Alona sa nanay.

“Hirap na hirap kami sa tubig, wala kaming mainom at magamit man lang sa bahay. Madaming bata pa ang nagkasakit pagkatapos makainom ng tubig mula sa iniigibang malapit sa ilog” tuloy-tuloy na sinabi ng nanay.

Sa kagustuhang makatulong ni Alona, nagpaalam ito na magpunta sa ilog.



Nang makarating si Alona sa ilog, nakaamoy na ito ng hindi maganda. “Ano yung amoy na iyon?” malungkot na sinabi ni Alona.

Nakita niya ang tubig na kulay lupa, ang ilang bahagi nito ay may halong kulay asul, pula at itim, may mga bagay-bagay na nakabara sa daluyan ng tubig at may lumulutang na kumikislap-kislap din. Nilapitan niya ito at sinubukang kunin. “A, supot ng tsitsirya!” pasigaw na sinabi ni Alona.

Dali-dali siyang tumakbo at pinuntahan ang taas ng ilog. Laking gulat niya nang makitang may tambak ng basura at may mga kumakatas mula sa mga latang nakakalat sa lupa.

Napatigil si Alona sa kanyang paglalakad at nag-isip “Heto ang pinagmulan ng sakit ng mga bata, at yung mga supot ang bumabara kaya walang dumadaloy na tubig sa balon.” Binilisan ni Alona ang pagbaba para sabihin ang kanyang natuklasan.

